

PAUNAWA NG MGA KASANAYAN SA PAGKAPRIBADO
Santa Clara Valley Health & Hospital System
San Jose, CA 95128

Insert Date Printed:

**INILALARAWAN NG PAUNAWANG ITO KUNG PAANO MAAARING
GAMITIN, IBAHAGI AT ISIWALAT ANG IMPORMASYONG MEDIKAL NA
TUNGKOL SA INYO AT KUNG PAANO KAYO MAKAKAKUHA NG ACCESS
SA IMPORMASYONG ITO. MANGYARING REPASUHIN ITO NANG
MAINGAT.**

Kung mayroon kayong mga katanungan tungkol sa Paunawang ito, mangyaring makipag-ugnayan sa:

Santa Clara Valley Health & Hospital System
ATTN: Ethics and Compliance Officer
Ethics and Compliance Office
2325 Enborg Lane, Suite 290
San Jose, CA 95128

SINO ANG SUSUNOD SA PAUNAWANG ITO

Ang Santa Clara Valley Health and Hospital System (SCVHHS) ay isang malawak ang saklaw na sistema ng pangangalagang pangkalusugan na tumutulong sa mga taong mayroong problema sa pananalapi (safety-net) na pag-aari at pinapatakbo ng County ng Santa Clara (“County”). Ang SCVHHS ay binubuo ng maraming mga Departamento ng County, kabilang ang Santa Clara Valley Medical Center and Clinics, ang Departamento sa Kalusugang Pangkaisipan, ang Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-abuso sa Alak at Droga, ang Departamento sa Pamublikong Kalusugan, Custody Health Services, at Valley Health Plan (sama-sama “mga Departamento ng SCVHHS”) ang lahat ng ito ay “Mga Sakop na Entidad” sa ilalim ng Health Insurance Portability and Accountability Act of 1996, Pamublikong Batas 104-191 (“HIPAA”). Ibinabahagi ng mga Departamento ng SCVHHS ang impormasyong pangkalusugan ng pasyente sa bawa't isa para sa mga layunin ng pagbibigay ng pinagsamang pangangalaga at pag-aayos ng mga referral ng bawa't isa at serbisyo para sa mga pasyente ng mga Departamento ng SCVHHS, para sa mga administratibong pangangasiwa, pagsingil at mga gawain na may kaugnayan sa pagsunod, para sa pagsusuri at pagtatasa ng mga ibinigay na serbisyo ng mga Departamento ng SCVHHS, at para sa pagpasok ng data sa at pagpapanatili ng isang pinagsamang elektronikong talaang pangkalusugan ng SCVHHS. Kung tumatanggap kayo ng pangangalaga mula sa alinmang mga Departamento ng SCVHHS, ang inyong medikal, kalusugang pangkaisipan, hinggil sa droga at alak na paggamot at ibang impormasyon ay maaaring ibahagi sa mga Departamento ng SCVHHS.

Dagdag pa rito, ang aming network ng mga tagapagkaloob ng serbisyo ay kinabibilangan ng mga Klinika sa Komunidad na mayroong mga kasunduan sa SCVHHS na magbigay ng mga referral at ibang mga serbisyo na may kaugnayan sa kalusugan sa mga pasyente ng SCVHHS at mga naninirahan sa County.

Maaari naming ibahagi ang impormasyong hinggil sa pangangalaga sa inyo sa mga Klinika sa Komunidad na ito.

Inilalarawan ng Paunawang ito ang mga kasanayan ng aming ospital at ng:

- **Sinumang awtorisadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na ipasok ang impormasyon sa inyong medikal na chart.**
- **Lahat ng departamento at unit ng Santa Clara Valley Medical Center and Clinics, ang Departamento sa Kalusugang Pangkaisipan, ang Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-abuso sa Alak at Droga, ang Departamento sa Pamublikong Kalusugan, Custody Health Services, at Valley Health Plan.**
- **Sinumang miyembro ng isang boluntaryong grupo na pinahihintulutan namin para tulungan kayo habang kayo ay tinitingnan sa mga klinika ng Ambulatory and Community Health Services at Santa Clara Valley Medical Center.**
- **Lahat na nagtatrabahong miyembro ng SCVHHS.**

Ang lahat ng indibiduwal na ito, mga entidad, lugar at lokasyon ay sinusunod ang mga tuntunin ng Paunawang ito. Dagdag pa rito, ang mga indibiduwal na ito, entidad, lugar, at lokasyon ay maaaring ibahagi ang impormasyong medikal sa isa't-isa para sa mga layunin na inilarawan sa Paunawang ito.

ANG AMING PANGAKO HINGGIL SA IMPORMASYONG MEDIKAL

Alam ng lahat ng Departamento ng SCVHHS ang impormasyong medikal, para sa kalusugang pangkaisipan at hinggil sa paggamot sa droga at alak na tungkol sa inyo at ang inyong kalusugan ay pribado at kompidensyal. Nangangako kaming protektahan ang impormasyong medikal na tungkol sa inyo. Gumagawa kami ng isang talaan ng pangangalaga at mga serbisyo na inyong natatanggap sa Ospital, mga Klinika at lokasyon ng SCVHHS. Kailangan namin ang talaan na ito para bigyan kayo ng pangangalagang may kalidad at sumunod sa ilang mga hinihiling ng

batas. Sasabihin ng Paunawang ito ang tungkol sa mga paraan na maaari naming i-access, gamitin at ibahagi ang inyong protektadong impormasyong pangkalusugan (“protected health information, PHI”). Inilalarawan rin nito ang inyong mga karapatan at ilang mga pagkilos na dapat naming gawin kapag ginagamit o ibinabahagi ang inyong PHI sa ibang mga tao o organisasyon. Hinihiling sa amin ng batas na:

- Siguruhing pinapanatiling pribado at kompidensyal ang nauugnay na PHI sa inyo (na may ilang hindi kasama na nakalista sa ibaba);
- Ibigay sa inyo ang Paunawang ito tungkol sa aming mga pananagutan at kasanayan sa pagkapribado tungkol sa inyong PHI; at
- Sundin ang mga tuntunin ng Paunawang ito na kasalukuyang may bisa.

Ang anumang paggamit at pagsisiwalat maliban sa ipinaliwanag sa Paunawang ito ay maaari lamang gawin nang may nakasulat na awtorisasyon ninyo. Maaari ninyong bawiin ang inyong awtorisasyon anumang oras.

Gayunpaman, kung ang inyong PHI ay nagamit o naibahagi na bago matanggap ang isang binawing awtorisasyon, hindi namin mapipigilan ang pagsisiwalat na iyon.

MGA ESPESYAL NA KATEGORYA NG IMPORMASYON

Sa ilang mga pangyayari, sasailalim ang inyong impormasyong pangkalusugan sa mga paghihigpit na maaaring maglimita o pigilan ang ilang mga pag-access, paggamit o pagsisiwalat na inilarawan sa Paunawang ito. Mayroong mga espesyal na paghihigpit sa pag-access, paggamit o pagsisiwalat ng ilang mga kategorya ng impormasyon. Halimbawa, mga pagsusuri para sa HIV o paggamot, para sa mga kondisyon ng kalusugang pangkaisipan, o pag-abuso sa alak at droga o pinalayang mga menor de edad ay bumubuo sa mga espesyal na kategorya ng impormasyon. Ang mga programa ng pamahalaan para sa benepisyong sa kalusugan, tulad ng Medi-Cal, ay maaari rin limitahan ang pagsisiwalat ng impormasyon ng benepisyaryo para sa mga layunin na hindi kaugnay sa programa.

Ano ang “Protected Health Information”

Ang Protected health information o “PHI” (tinutukoy rin bilang “impormasyong pangkalusugan na maaaring kumilala sa isang tao”): Anumang impormasyon na maaaring kumilala sa isang tao, sa anyong eletroniko o pisikal, hinggil sa isang medikal na kasaysayan ng pasyente, pangkaisipan o pisikal na kondisyon o paggamot na kinabibilangan o naglalaman ng anumang elemento ng personal na impormasyon na kumikilala sa isang tao na sapat para pahintulutan ang pagkakakilanlan ng indibiduwal tulad ng pangalan ng pasyente, tirahan, e-mail address, numero ng telepono, numero ng Social Security, o ibang impormasyon na, kapag walang kasama o kasama ng ibang makukuhang pampublikong impormasyon, ay magbubunyag sa pagkakakilanlan ng indibiduwal.

PAANO NAMIN MAAARING GAMITIN AT IBAHAGI ANG PROTECTED HEALTH INFORMATION

Ang mga sumusunod na bahagi ay naglalarawan ng iba’t-ibang mga paraan na maaari naming ma-access, gamitin at ibahagi (isiwalat) ang inyong PHI. Para igalang ang inyong pagkapribado, lilimitahan namin ang dami ng impormasyon na aming ina-access, ginagamit o isinisiwalat sa “pinakamababang kinakailangan” para makamit ang layunin ng pag-access, paggamit o pagsisiwalat. Nililimitahan ng batas kung paano namin maaaring i-access, gamitin at isiwalat ang ilang PHI kaugnay sa paggamot sa droga at alak, pagkakaroon ng HIV, ilang uri ng pangangalaga na ibinibigay sa mga menor de edad, at karamdamang pangkaisipan. Hindi ililista sa Paunawang ito ang bawat pag-access, paggamit o pagsisiwalat na nasa isang kategorya. Gayunpaman, ang lahat ng paraan na pinahihintulutan kaming ma-access, gamitin at isiwalat ang impormasyon ay mapapabilang sa isa sa mga sumusunod na mga kategorya.

Pagsisiwalat sa Inyong Kahilingan

Kung hihilingin ninyo ang inyong PHI, maaari namin isiwalat ang impormasyon sa inyo nang may limitadong hindi kasama. Ang ilang uri ng mga pagsisiwalat ay nangangailangan ng isang nakasulat ng awtorisasyon.

Para sa Paggamot

Maaari naming i-access, gamitin at isiwalat ang inyong PHI para mabigyan kayo ng mga paggamot o serbisyo. Halimbawa, maaari namin isiwalat ang impormasyong medikal na tungkol sa inyo para maningil at makatanggap ng pagbabayad para sa paggamot at mga serbisyo na inyong natatanggap. Maaari namin isiwalat ang inyong impormasyong medikal sa mga doktor, nars, technician, mga mag-aaral sa pangangalagang pangkalusugan o ibang mga caregiver na sangkot sa inyong pangangalagang pangkalusugan. Maaari namin ibahagi ang inyong medikal na talaan sa inyong doktor. Maaari namin ibahagi ang inyong PHI sa isang laboratoryo sa labas ng SCVHHS na nagsasagawa ng mga pagsusuri na hiniling ng inyong doktor. Maaari rin namin ibahagi ang inyong PHI sa mga nursing home o ibang mga ahensiya sa pangangalagang pangkalusugan ng komunidad para mag-ayos ng patuloy na paggamot pagkatapos ninyong umalis sa ospital. Ang iba't-ibang mga departamento ng SCVHHS ay maaaring ibahagi ang impormasyong medikal para pangasiwaan ang mga serbisyong kailangan ninyo, tulad ng parmasya, mga pagsusuri sa laboratoryo at x-ray. Para sa kalusugang pangkaisipan, maaari namin ibahagi ang inyong impormasyon sa mga propesyonal na tao na mayroong medikal o pangkaisipan na pananagutan sa inyong pangangalaga. Para sa mga layunin ng paggamot sa droga at alak, maaari namin ibahagi ang inyong impormasyon para tumulong sa pangangalaga sa inyo kasama ng mga tagapagkaloob ng serbisyo na bahagi ng network ng SCVHHS, na bahagi ng inyong programa sa droga at alak o ang Drug and Alcohol Department System of Care, o sa tauhang pangmedikal sa isang medikal na emerhensiya.

Para sa Pagbabayad

Maaari naming i-access, gamitin at isiwalat ang impormasyong medikal na tungkol sa inyo, para masingil ang paggamot at mga serbisyo na inyong natatanggap at maaaring kolektahin ang bayad mula sa inyo, sa isang kumpanya ng insurance o ikatlong partido. Halimbawa, maaaring kailanganin naming ibigay ang inyong impormasyon sa planong pangkalusugan tungkol sa operasyon na inyong natanggap sa ospital para bayaran kami ng inyong planong pangkalusugan o ibalik ang bayad sa inyo para sa operasyon. Maaari rin namin sabihin sa inyong planong pangkalusugan ang tungkol sa isang paggamot na inyong matatanggap para makakuha ng paunang pag-apruba o para malaman kung sasakupin ng plano ang paggamot. Maaari rin namin ibigay ang pangunahing impormasyon na tungkol sa inyo at sa inyong planong pangkalusugan, kumpanya ng insurance o ibang pinagmumulan ng pagbabayad sa mga propesyonal sa labas ng SCVHHS na sangkot sa inyong pangangalaga, para tulungan sila sa pagkuha ng bayad para sa mga serbisyo na ibinibigay nila sa inyo.

Para sa mga Pagpapatakbo ng Pangangalagang Pangkalusugan

Maaari namin i-access, gamitin at ibahagi ang PHI para sa mga pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan. Ang mga paggamit at pagsisiwalat na ito ay kinakailangan para pahusayin ang kalidad ng pangangalaga, pagsasanay at mga programang pang-edukasyon sa loob ng SCVHHS, o mga gawain ng mga tauhang pangmedikal. Maaari namin i-access, gamitin at ibahagi ang inyong PHI para sumunod sa mga batas at regulasyon, para sa mga obligasyon na ayon sa kontrata, pagiging karapat-dapat ng nagbabayad, pagsusumite ng mga paghahabol, pagpapalano para sa negosyo, pagmemerkado, at para patakbuhan ang SCVHHS. Halimbawa, maaari namin i-access, gamitin at ibahagi ang PHI para repasuhin ang aming mga paggamot at serbisyo, at para tasahin ang pagganap ng aming mga tauhan sa pag-aalaga sa inyo. Maaari namin isama ang PHI na mayroon kami sa mga mula sa ibang sistema ng pangangalagang pangkalusugan o mga business associate para ikumpara ang lagay ng aming paglilingkod, at para makita kung saan namin maaaring mapahusay ang pangangalaga at mga serbisyo na aming ibinibigay.

Mga Business Associate (mga gumaganap ng tungkulin na maaaring gumamit o magsiwalat ng protektadong impormasyong pangkalusugan) at Kwalipikadong Organisasyon ng Serbisyo

Mayroong ilang mga serbisyong ibinibigay sa aming organisasyon sa pamamagitan ng kontrata sa mga business associate at para sa programa sa droga at alak, at mga Kwalipikadong Organisasyon ng Serbisyo. Ang Mga Business Associate at Kwalipikadong Organisasyon ng Serbisyo ay nagbibigay ng mga serbisyo sa ngalan ng mga Departamento ng SCVHHS na kinasasangkutan ng paggamit o pagsisiwalat ng impormasyon ng pasyente. Kabilang sa mga halimbawa ang mga serbisyo ng doktor, ilang mga pagsusuri sa laboratoryo, pagsingil, pagsusuri, at isang serbisyo sa pagkopya na ginagamit namin kapag gumagawa ng mga kopya ng inyong talaan ng kalusugan. Kapag kinontrata ang mga serbisyong ito, maaari namin isiwalat ang inyong impormasyong pangkalusugan sa aming mga business associate at kwalipikadong organisasyon ng serbisyo, para magawa nila ang trabaho na aming hiniling na gawin nila. Para protektahan ang inyong impormasyong pangkalusugan, gayunpaman, ang mga business associate at kwalipikadong organisasyon ng serbisyo ay hinihiling ng pederal na batas na wastong protektahan ang inyong impormasyon. Dagdag pa rito, ang mga Departamento ng SCVHHS ay mga business associate at kwalipikadong organisasyon ng serbisyo ng bawa't isa para sa mga layunin ng pagbibigay ng pinagsamang pangangalaga at pangangasiwa ng mga referral ng bawa't isa sa mga ito at mga serbisyo para sa mga pasyente ng mga Departamento ng SCVHHS, para sa administratibong pangangasiwa, pagsingil at mga gawain na may kaugnayan sa pagsunod, para sa pagsusuri at pagtatasa ng mga serbisyong ibinibigay ng mga Departamento ng SCVHHS, at para sa pagpasok ng data sa at pagpapanatili ng isang pinagsamang elektronikong talaang pangkalusugan ng SCVHHS.

Mga Paalala sa Appointment

I-a-access, gagamitin at ibabahagi namin ang PHI para mag-iskedyul ng isang appointment, o para ipaalala sa inyo na mayroon kayong isang appointment para sa paggamot.

Mga Alternatibo para sa Paggamot

I-a-access, gagamitin at ibabahagi namin ang PHI para sabihin sa inyo ang tungkol sa mga posibleng opsyon sa paggamot na maaaring maging interesado kayo.

Mga Gawain sa Pangangalap ng Pondo

Maaari namin gamitin ang ilang impormasyon (pangalan, tirahan, numero ng telepono, impormasyon ng e-mail, edad, petsa ng kapanganakan, kasarian, katayuan ng insurance sa kalusugan, mga petsa ng serbisyo, impormasyon ng departamento ng serbisyo, impormasyon ng gumagamot na doktor o impormasyon ng kinalabasan) para makipag-ugnayan sa inyo para sa layunin ng pangangalap ng pera para sa ospital at mayroon kayong karapatan para piliin na huwag sumali sa pagtanggap ng ganitong mga komunikasyon sa bawa't panghihingi. Para sa parehong layunin, maaari namin ibigay ang inyong pangalan sa VMC Foundation. Ang nakalap na pera ay gagamitin para palawakin at pahasayin ang mga serbisyo at programa na ibinibigay namin sa komunidad. Malaya kayong pumili na huwag sumali sa mga panghihingi para sa pangangalap ng pondo, at ang inyong desisyon ay walang magiging epekto sa paggamot sa inyo o sa pagbabayad ng mga serbisyo.

Mga paraan para Huwag Sumali:

1. Tawagan ang VMC Foundation sa 408-885-2485;
2. Email: vmcfoundation@hhs.sccgov.org
3. Ang direktang panghihingi sa koreo ay kinabibilangan ng isang form sa pagsagot na may kahon na “huwag manghingi” at ipadala sa koreo sa address ng nagpadala nito.

Mga Direktoryo ng mga Pasilidad

Ina-access at ginagamit ng aming ospital at ibang mga pasilidad ang PHI para panatilihin ang mga direktoryo ng mga tao na namamalagi sa aming mga pasilidad, kabilang ang pangalan, lokasyon, pangkalahatang kondisyon (hal. kritikal, matatag), pagkakaanib sa relihiyon. Ang direktoryo ng impormasyon na ito, maliban sa inyong pagkakaanib sa relihiyon, ay maaari rin ilabas sa mga taong magtatanong ng inyong pangalan. Maaari kayong gumawa ng isang partikular na nakasulat na kahilingan para iwasang maisiwalat sa ganitong paraan ang inyong PHI. Ang inyong pagkakaanib sa relihiyon ay maaaring ibigay sa isang miyembro ng ministro tulad ng isang pari o rabbi, kahit na hindi nila hilingin ang inyong pangalan. Inilalabas ang impormasyong ito para mabisita

kayo ng inyong pamilya, mga kaibigan at ministro sa ospital at sa pangkalahatan malaman ang inyong kalagayan. Kung kayo ay isang pasyente na tumatanggap ng mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan sa aming mga pasilidad na maaaring mamalagi o hindi mamalagi ang pasyente, o nakatala sa isang programa sa paggamot sa droga at alak, hindi namin ilalabas ang inyong pangalan o anumang impormasyon na nagsisiwalat kahit pasyente kayo maliban kung partikular na pinahintulutan ninyo kami na gawin ito.

Mga indibiduwal na sangkot sa pangangalaga sa inyo o sa pagbabayad para sa pangangalaga sa inyo

Maaari namin ibahagi ang inyong PHI sa isang miyembro ng pamilya, kaibigan, personal na kinatawan, o sa sinuman na nais ninyong maging sangkot sa pangangalaga sa inyo. Maaari namin ibahagi ang inyong PHI sa sinuman na tumutulong magbayad para sa pangangalaga sa inyo. Maliban kung sasabihin ninyo sa amin nang nakasulat na huwag namin ito gawin, maaari rin namin sabihin sa inyong pamilya o mga kaibigan ang tungkol sa inyong kondisyon at na kayo ay nasa SCVMC. Dagdag pa rito, maaari namin ibahagi ang inyong PHI sa isang organisasyon na sangkot sa tulong sa sakuna para malaman ng inyong pamilya ang tungkol sa inyong kondisyon, lagay at lokasyon. Para sa mga talaan ng paggamot sa kalusugang pangkaisipan at sa droga at alak, pinapayagan lamang kaming ibahagi ang inyong PHI sa gumagamot na doktor sa inyo at sa mga itinalaga ninyong indibiduwal. Hindi namin maaaring ibahagi ang inyong mga talaan sa paggamot sa kalusugang pangkaisipan at droga at alak sa inyong pamilya, kaibigan o personal na kinatawan nang walang awtorisasyon, hindi kasama ang isang magulang o tagapag-alaga (na may mga limitadong hindi pagsasama) o isang Tagapag-alagang itinalaga ng hukom.

Pananaliksik

Maaari naming i-access, gamitin at ibahagi ang inyong PHI para sa mga layunin ng pananaliksik. Ang lahat ng proyekto sa pananaliksik ay sinusuri sa ilalim ng isang espesyal na proseso ng pagrerepaso at pag-apruba. Nirerepaso namin ang pag-access at paggamit ng proyekto sa pananaliksik sa PHI, at sinusubukang balansehin ang mga pangangailangan sa pananaliksik sa pangangailangan ng pasyente sa pagkapribado. Bilang alternatibo, maaari namin ibahagi ang inyong PHI sa mga siyentipiko na naghahandang gumawa ng isang proyekto sa pananaliksik para tulungan silang makahanap ng mga pasyente na may partikular na mga pangangailangang medikal. Sa mga kasong ito, hindi aalis ang inyong PHI sa aming pasilidad. Kalimitan, nakikipag-ugnayan ang aming mga mananaliksik sa mga pasyente tungkol sa kanilang interes sumali sa ilang mga pananaliksik na pag-aaral. Bago kayo maitala sa isang pag-aaral, kailangan kayong bigyan ng impormasyon tungkol sa pag-aaral, payagang magtanong ng mga katanungan, at pumayag na sumali sa pamamagitan ng pagpirma sa isang form ng ipinaalam na pahintulot. Maaari kaming magsagawa ng ibang mga pag-aaral gamit ang inyong PHI nang hindi kinakailangan ang inyong pahintulot. Ang mga pag-aaral na ito ay hindi makakaapekto sa inyong paggamot o kagalingan, at patuloy na poprotekhan ang inyong PHI. Halimbawa, ang isang pag-aaral ay maaaring kasangkutan ng isang pagrerepaso sa chart para ikumpara ang mga kinahinatnan ng mga pasyente na nakatanggap ng iba't-ibang mga uri ng mga paggamot.

Epidemiyolohiya ng Kalusugan ng Publiko – Pag-aaral sa Grupo ng mga Indibiduwal

Maaari namin i-access, gamitin at ibahagi ang inyong PHI para sa layunin ng mga pag-aaral ng takbo sa mga kondisyon ng kalusugan, lagay ng kalusugan at para mas maunawaan mabuti ang mga pagkakaiba ng kalusugan. Sa kasong ito ang inyong PHI ay isasama sa ibang mga indibiduwal at aalisin ang mga pangalan para sa layunin ng pagpakakita ng data. Maaari namin suriin ang mga problema tulad ng kita, edad, kasarian at lahi bilang mga pinagbabatayang salik na nakakaapekto sa kalusugan ng grupo ng mga indibiduwal. Ang takbo ng data ng grupo ng mga indibiduwal ay maaaring ibahagi sa panloob na departamento ng SCVHHS at sa mga panlabas na kasosyo, mga institusyong pang-akademiya at maaaring maging bahagi ng mas malaking mga ulat sa Lagay ng Kalusugan ng grupo ng mga indibiduwal na naninirahan sa County ng Santa Clara. Kailanman hindi gagamitin ang mga pangalan ng mga indibiduwal o ibang personal na impormasyon na kumikilala sa isang tao nang walang ipinahayag na pahintulot ng mga indibiduwal.

Ayon sa Hinihiling ng Batas

Maaari naming i-access, gamitin at ibahagi ang inyong PHI kapag hiniling ng pederal, estado o lokal na batas na gawin ito.

Para Iwasan ang isang Seryosong Banta sa Kalusugan o Kaligtasan

Maliban kung ipinagbabawal ng batas, maaari namin i-access, gamitin at ibahagi ang inyong PHI kapag kinakailangan para maiwasan o mabawasan ang isang seryosong banta sa inyong kalusugan at kaligtasan, o ng iba. Maaari lamang namin ibahagi ang inyong PHI sa isang responsableng tao na makakatulong para iwasan ang banta.

Pagmemerkado at Pagbebenta ng PHI

Hindi namin maaaring gamitin o isiwalat ang inyong PHI para sa mga layunin ng pagmemerkado nang wala nakasulat na awtorisasyon ninyo. Hindi namin maaaring ibenta ang inyong PHI nang walang nakasulat na awtorisasyon ninyo.

Mga Tala sa Paggamot sa Karamdamang Pangkaisipan

Hindi namin maaaring gamitin o isiwalat ang mga tala sa paggamot sa karamdamang pangkaisipan nang walang nakasulat na awtorisasyon ninyo maliban kung pinahihintulutan o hinihiling ng batas.

MGA NATATANGING SITWASYON

Pagkakaloob ng Bahagi ng Katawan o Tisiyu

Sa ilang mga pangyayari maaari naming ibahagi ang inyong PHI sa mga organisasyon na humahawak ng pagkuha bahagi ng katawan o paglilipat ng bahagi ng katawan, mata o tisiyu o sa isang organ donation bank, kung kinakailangan para tumulong sa pagkakaloob at paglilipat ng bahagi ng katawan o tisiyu.

Paglilingkod sa Militar at Mga Beterano

Kung kayo ay isang kasalukuyan o nagretirong miyembro ng hukbong-sandatahan, ibabahagi namin ang inyong PHI kung ito ay hinihiling ng mga awtoridad na opisyal ng militar. Maaari rin naming ilabas ang PHI tungkol sa banyagang tauhan ng militar sa naaangkop na mga awtoridad ayon sa pinahihintulutan o hinihiling ng batas.

Bayad-pinsala sa Mga Manggagawa

Nang may ilang hindi kasama para sa kalusugang pangkaisipan at impormasyon sa paggamot sa droga at alak, maaari naming ibahagi ang inyong PHI ayon sa pinahihintulutan ng batas para sa bayad-pinsala sa mga manggagawa o mga katulad na programa kapag kinakailangan para magbigay sa inyo ng paggamot, mga serbisyo o benepisyo para sa mga pinsala o karamdaman na may kaugnayan sa trabaho.

Mga Panganib sa Kalusugan ng Publiko

Maaari namin i-access, gamitin at ibahagi ang inyong PHI para sa mga layunin ng kalusugan ng publiko. Sa pangkalahatan, ang mga gawain na ito ay kinabibilangan ng, nguni't hindi limitado sa mga sumusunod:

- para iwasan o kontrolin ang sakit (tulad ng kanser o tuberkulosis), pinsala o pagkabalda;
- para iulat ang mga kapanganakan at pagkamatay.
- para iulat ang mga pang-aabuso o kapabayaang sa mga bata, matanda at umaasang nasa hustong gulang;
- para iulat ang mga reaksiyon sa mga gamot, o mga problema sa mga produkto para sa pangangalagang pangkalusugan;
- para abisuhan ang mga pasyente sa mga pag-recall, pag-aayos o pagpalit ng mga produkto na maaaring ginagamit nila;
- para abisuhan ang isang tao na maaaring nalantad sa isang sakit o maaaring nasa panganib na makakuha o maikalat ang isang sakit o kondisyon;
- para abisuhan ang naaangkop na awtoridad ng pamahalaan kung naniniwala kami na ang isang pasyente ay biktima ng pang-aabuso, kapabayaang o karahasan sa tahanan. Ibahagi lamang namin ang inyong PHI kung papayag kayo o kapag hinihiling ito o pinahihintulutan ng batas.
- para abisuhan ang mga empleyado sa pagtugon sa emerhensiya hinggil sa posibleng pagkakalantad sa HIV o AIDS, hanggang sa lawak na kinakailangan para sumunod sa mga batas ng estado o pederal.

Mga Gawain sa Pangangasiwa ng Kalusugan

Maaari namin i-access, gamitin, at ibahagi ang inyong PHI sa isang ahensiya sa pangangasiwa ng pangangalagang pangkalusugan ayon sa pinahihintulutan o hinihiling ng batas. Ang mga gawain sa pangangasiwa na ito ay kinabibilangan ng, halimbawa: mga pag-audit, imbestigasyon, inspeksiyon, at mga survey para sa pag-accredit at pagbibigay ng lisensiya. Ang mga gawain na ito ay kinakailangan para masubaybayan ng pamahalaan ang sistema sa pangangalagang pangkalusugan, mga programa ng pamahalaan, at pagsunod sa mga batas ng mga karapatang-sibil.

Mga Paghahabla at Hindi Pagkakasundo

Kung sangkot kayo sa isang paghahabla o pagtatalo, maaari namin isiwalat ang impormasyong medikal na tungkol sa inyo bilang pagtugon sa isang kautusan ng hukuman o administratibo. Maaari rin namin isiwalat ang impormasyong medikal na tungkol sa inyo bilang pagtugon sa isang subpena, discovery request (isang legal na dokumento na kaugnay sa litigasyon, at paglalarawan ng mga dokumento o impormasyon na hinihiling ng tumututol na panig) o ibang proseso na naaayon sa batas ng ibang tao na sangkot sa hindi pagkakasundo, nguni't kung gumawa lamang ng mga pagsisikap para sabihin sa inyo ang tungkol sa kahilingan (na maaaring kabilangan ng nakasulat na abiso para sa inyo) o para makakuha ng isang kautusan na nagpoprotekta sa hiniling na impormasyon. Isisiwalat lamang namin ang mga talaan sa paggamot sa kalusugang pangkaisipan at droga at alak bilang pagtugon sa isang subpoena kapag nakatanggap kami ng isang kautusan ng hukuman o awtorisasyon mula sa pasyente.

Pulisya

Maaari namin i-access, gamitin at isiwalat ang PHI kung hihilinging gawin ito ng isang opisyal ng pulisya:

- bilang pagsunod sa isang kautusan ng hukuman, subpena, warrant, pagpapatawag, subpena ng malaking hurado o katulad na proseso;
- para kilalanin o hanapin ang isang suspek, pugante, saksi na makakapagbigay ng impormasyon, o nawawalang tao;
- tungkol sa isang biktima o isang krimen, kung, sa ilalim ng ilang mga limitadong pangyayari, hindi kami makakuha ng pahintulot mismo mula sa biktima ng isang krimen;
- tungkol sa isang pagkamatay na pinaniniwalaan namin na maaaring resulta ng isang kriminal na pagkilos;
- tungkol sa kriminal na pagkilos sa alinman sa aming mga pasilidad; at
- sa mga emerhensiyang pangyayari para iulat: ang isang krimen; ang lokasyon ng krimen o mga biktima; o ang pagkakakilanlan, paglalarawan o lokasyon ng taong gumawa ng krimen.

Ang mga talaan ng Kalusugang Pangkaisipan at Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-abuso sa Alak at Droga ay nangangailangan ng karagdagang legal na mga proteksyon at hindi maaaring ilabas nang walang kautusan ng hukuman o isang awtorisasyon ng pasyente o kinatawan ng pasyente, maliban sa ilang mga limitadong pangyayari na pinahihintulutan ng batas.

Mga Coroner (nag-iimbestiga sa mga pagkamatay), Medikal na Tagasuri at Direktor sa Paglilibing

Maaari naming i-access, gamitin at ibahagi ang PHI sa isang coroner o medikal na tagasuri. Maaaring kailanganin ito, halimbawa, para makilala ang isang namatay na tao o malaman ang dahilan ng pagkamatay. Maaari rin namin ilabas ang inyong PHI sa mga direktor sa paglilibing kapag kinakailangan para magawa nila ang kanilang mga tungkulin. Isisiwalat lamang namin ang mga talaan ng paggamot sa kalusugang pangkaisipan at sa droga at alak sa Coroner o medikal na tagasuri nang may kautusan ng hukuman o isang awtorisasyon mula sa kamag-anak ng pasyente.

Pambansang Seguridad at Pagmamanman

Maaari namin i-access, gamitin at ibahagi ang inyong PHI sa mga pederal na opisyal para sa pagmamanman, kontra pagmamanman, at ibang mga gawain para sa pambansang seguridad na awtorisado o hinihiling ng batas.

Maaari namin gamitin at ibahagi ang inyong PHI para pahintulutan ang mga pederal na opisyal para maprotektahan nila ang Presidente, ang pamilya ng Presidente, ibang itinalagang mga tao o banyagang pinuno ng estado, o magsagawa ng mga natatanging imbestigasyon.

Mga Preso

Kung kayo ay isang preso ng isang kulungan o nasa ilalim ng kustodiya ng mga opisyal na pulis, maaari naming i-access at ibahagi ang inyong PHI sa kulungan o sa mga opisyal na pulis. Ang pagsisiwalat ay kinakailangan: (1) para magbigay ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na kailangan ninyo; (2) para protektahan ang inyong kalusugan at kaligtasan o ang kalusugan at kaligtasan ng iba; o (3) para sa kaligtasan at seguridad ng kulungan.

MGA GRUPO NA MAY IBA'T-IBANG LARANGAN

Maaari namin isiwalat ang PHI sa isang grupo na may iba't-ibang larangan kaugnay sa pag-iwas, pagkilala, pamamahala o paggamot ng isang inabusong bata at ang mga magulang ng bata, o pang-aabuso sa matanda at kapabayaang.

INIUUTOS NA PAG-UULAT

Isisiwalat namin ang PHI ayon sa hinihiling ng batas para gumawa ng isang iniuutos na pag-uulat para sa pang-aabuso o kapabayaang, o anumang ibang mga obligasyon sa pag-uulat.

ANG INYONG MGA KARAPATAN HINGGIL SA INYONG PROTECTED HEALTH INFORMATION

Kayo ay mayroong mga sumusunod na karapatan hinggil sa inyong PHI na pinapanatili namin sa aming mga pasilidad.

Karapatan para sa Abiso ng Paglabag o Hindi Awtorisadong Pag-access

Mayroon kayong karapatan na abisuhan kung mayroong isang hindi awtorisadong pag-access sa inyong PHI o isang paglabag sa hindi ligtas na PHI na kinasasangkutan ng inyong impormasyon. Hinihiling sa amin na abisuhan kayo at bigyan kayo ng impormasyon kung paano protektahan ang inyong personal na impormasyon.

Karapatan para Magsiyasat at Kopyahin

Maliban sa ilang impormasyon kaugnay sa paggamot ng karamdamang pangkaisipan, o nakalap na impormasyon sa isang sibil, kriminal o administratibong pagkilos o paglilitis, o ilang paksa sa PHI na sasailalim sa Clinical Laboratory Improvements Amendments of 1988, mayroon kayong karapatan na hilinging siyasatin at kopyahin ang inyong PHI. Para siyasatin at kopyahin ang inyong PHI, dapat kayong magpadala ng partikular at nakasulat na detalyadong kahilingan sa Release of Information Unit na may address na ibinigay sa dulo ng Paunawang ito.

Kung hihiling kayo ng isang kopya ng impormasyon, maaari kaming sumingil ng isang bayad para sa mga halaga ng pagkopya, pagpapadala sa koreo o ibang mga suplay kaugnay sa inyong kahilingan.

Kung tatanggihan namin ang isang kahilingang magsiyasat at kopyahin, maaari kayong humiling ng isang pagrerepaso kung bakit namin tinanggihan ang kahilingan. Hindi tatanggapin ang mga pagrerepaso kung 1) wala kayong karapatan sa mga talaan ayon sa talatang nasa itaas; 2) kayo ay isang preso at ilalagay sa panganib ng mga kopya ang kaligtasan ng inyong kalusugan, seguridad, kustodiya, o rehabilitasyon o ng iba; 3) kung kukunin ang PHI bilang bahagi ng isang pananaliksik na pag-aaral at nakasuspinde ang inyong karapatang ma-access ang inyong PHI sa panahong ng pananaliksik; 4) kung kontrolado ang PHI ng Privacy Act at hindi pinahihintulutan ng batas ang pag-access; o 5) kung kinuha ang PHI mula sa ibang tao maliban sa isang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan sa ilalim ng isang pangako ng pagiging kompidensyal at ang pag-access sa PHI ay ibubunyag kung sino ang taong iyon.

Pipili ang Mga Departamento ng SCVHHS ng ibang lisensiyadong tagapagkaloob ng serbisyo para repasuhin ang dahilan ng pagtangga. Ang taong pagrerepaso sa pagtangga sa inyo ay hindi ang taong tumangga sa inyong inisyal na kahilingan.

Karapatan para Baguhin

Kung sa palagay ninyong mali at kulang ang impormasyong medikal na mayroon kami tungkol sa inyo, maaari ninyong hilingin sa amin na baguhin ang PHI na nasa talaan ninyo. Mayroon kayong karapatang humiling ng isang pagbabago hangga't pinapanatili namin ang inyong PHI. Ang isang kahilingan ng pagbabago ay dapat gawin nang nakasulat at magbigay ng dahilan na sumusuporta sa kahilingan.

Ang inyong kahilingan para sa pagbabago ay maaaring tanggihan kung hindi ito nakasulat o wala itong kasamang dahilan para suportahan ang inyong kahilingan. Maaari naming tanggihan ang inyong kahilingan kung hihilingin ninyo sa aming palitan ang impormasyon na:

- hindi namin ginawa;
- hindi bahagi ng impormasyong pinapanatili namin o para sa amin;
- hindi bahagi ng impormasyon na pinahihintulutan ka ng batas na siyasatin at kopyahin; o
wasto at kumpleto.

Kung tatanggihan namin ang inyong kahilingan para sa pagbabago, mayroon kayong karapatang magsumite ng nakasulat na adenda, na hindi lalampas sa 250 salita, kaugnay sa anumang bagay o pahayag na nasa talaan ninyo na pinaniniwalaan ninyong kulang o mali.

Karapatan sa Accounting of Disclosures

Mayroon kayong karapatan para humiling ng isang “accounting of disclosures”. Isa itong listahan ng mga pagsisiwalat na ginawa namin sa PHI na tungkol sa inyo maliban sa sarili naming ginawa para sa paggamot, pagbabayad at mga pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan (ang mga tungkulin na iyon ay inilarawan sa itaas), at nang may ibang hindi kasama alinsunod sa batas.

Dapat sabihin ng inyong kahilingan ang panahon, na hindi maaaring maging mahigit sa anim na taon, at hindi maaaring kasama ang mga petsa bago ang Abril 14, 2003. Dapat ilarawan ng inyong kahilingan ang uri ng listahan na gusto ninyo (halimbawa, sa papel o elektroniko). Ang unang listahan na hihilingin ninyo sa loob ng 12 buwang panahon ay libre. Para sa mga karagdagang listahan, maaari namin kayong singlin para sa mga halaga ng pagbibigay ng listahan. Aabisuhan namin kayo sa sangkot na halaga at maaari ninyong piliing bawiin o baguhin ang inyong kahilingan sa panahon bago matamo ang anumang mga halaga.

Karapatan para Humiling ng Mga Paghihigpit

Mayroon kayong karapatang humiling ng paghihigpit o limitasyon sa impormasyong medikal na ginagamit o isinisiwalat namin tungkol sa inyo para sa paggamot, pagbabayad o mga pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan. Mayroon din kayong karapatang humiling ng isang limitasyon sa impormasyong medikal na tungkol sa inyo na isinisiwalat namin sa ibang taong sangkot sa pangangalaga sa inyo o sa pagbabayad ng pangangalaga sa inyo, katulad ng isang miyembro ng pamilya o kaibigan. Halimbawa, maaari ninyong hilingin na huwag naming i-access, gamitin o ibahagi ang impormasyon tungkol sa naging operasyon sa inyo sa SCVMC, o tungkol sa isang paggamot na natanggap ninyo sa isa sa iba naming mga pasilidad. ***Hindi kami kailangang sumang-ayon sa inyong kahilingan.*** Kung sasang-ayon kami, susunod kami sa inyong kahilingan, maliban kung kailangan ang impormasyon para magbigay ng emerhensiyang paggamot sa inyo.

Mayroon kayong karapatang humiling ng paghihigpit o limitasyon sa ilang PHI na ibinibigay sa inyong planong pangkalusugan kung buo ninyong binayaran mula sa sarili ninyong bulsa ang pangangalagang natanggap ninyo mula sa aming pasilidad.

Para humiling ng mga paghihigpit dapat ninyong sabihin sa amin 1) kung anong impormasyon ang gusto ninyong limitahan namin; 2) kung gusto ninyong limitahan namin ang aming paggamit, pagsisiwalat o pareho nito; at 3) kung kanino ninyo gustong gamitin ang paglilimita, halimbawa, mga pagsisiwalat sa inyong asawa.

Karapatan para Humiling ng Kompidensyal na Komunikasyon

Mayroon kayong karapatang hilingin na kausapin namin kayo tungkol sa inyong PHI sa isang partikular na paraan o sa isang partikular na lokasyon. Halimbawa, maaari ninyong hilingin na makipag-ugnayan lamang kami sa inyo sa trabaho o sa pamamagitan ng koreo. Para humiling ng kompidensyal na komunikasyon, dapat kayong sumulat sa Release of Information Unit sa binanggit na address sa Paunawang ito. Hindi namin tatanungin sa inyo ang dahilan para sa inyong kahilingan, at susubukan naming tanggapin ang lahat ng *makatwirang* kahilingan. Dapat ninyong sabihin sa abin kung paano o saan ninyo gustong kontakin.

Karapatan para sa isang Papel na Kopya ng Paunawang Ito

Mayroon kayong karapatan para sa isang papel na kopya ng Paunawang ito. Kahit na pumayag kayong elektronikong matanggap ang Paunawang ito, may karapatan pa rin kayo para sa isang papel na kopya ng Paunawang ito kung hihilingin ninyo ito sa amin sa ibinigay ng address sa dulo ng Paunawang ito. Maaari kayong makakuha ng isang elektronikong kopya ng Paunawang ito sa aming website na: www.sccgov.org, pagkatapos piliin ang “Health and Human Care” at hanapin ang “HIPAA Notice of Privacy Practices.”

MGA PAGBABAGO SA PAUNAWANG ITO

Mayroon kaming karapatan na baguhin ang Paunawang ito. Mayroon kaming karapatang gawing epektibo ang binago o pinalitang Paunawa para sa PHI na tungkol sa inyo na mayroon na kami, pati rin ang anumang ibang impormasyong matatanggap namin sa hinaharap. Ipapaskil namin ang kopya ng kasalukuyang Paunawa sa aming mga pasilidad. Ang epektibong petsa ng Paunawa ay ipapakita sa unang pahina. Makukuha ang kasalukuyang paunawa sa www.scvmed.org.

MGA REKLAMO

Tinatanggap namin ang pagkakataong tumugon sa inyong mga katanungan at alalahanin at lutasin ang anumang mga reklamo na mayroon kayo tungkol sa pag-access, paggamit o pagsisiwalat ng inyong PHI. Kung naniniwala kayong nilabag ang inyong mga karapatan sa pagkapribado, maaari kayong magsampa ng reklamo sa amin, o sa Kalihim ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Kalusugan at Tao (Department of Health and Human Services).

Para magsampa ng rekhalmo sa amin, dapat kayong makipag-ugnayan sa:

Santa Clara Valley Health & Hospital System
Attn: Ethics and Compliance Officer
2325 Enborg Lane, Suite 290
San Jose, CA 95128
(408) 885-3794

Hindi kayo parurusahan para sa pagsampa ng reklamo.

IBA PANG MGA GAMIT NG PROTECTED HEALTH INFORMATION

Ang iba pang mga paggamit at pagsisiwalat ng PHI na hindi sakop ng Paunawang ito, o ng mga batas na naaangkop sa amin, ay gagawin lamang nang may nakasulat na pahintulot ninyo. Kung pahihintulutan ninyo kaming i-access, gamitin o ibahagi ang inyong PHI, maaari ninyong kanselahin ang pahintulot na iyon, sa sulat, anumang oras. Kung kakanselahin ninyo ang pahintulot na iyon, ititigil namin ang anumang pag-access, paggamit o pagsisiwalat ng inyong PHI para sa mga layuning sakop ng inyong nakasulat na pahintulot. Nauunawaan ninyo na hindi namin mababawi ang anumang mga pagsisiwalat na nagawa na namin nang may pahintulot ninyo at hinihiling sa amin ng batas na magpanatili ng mga talaan ng mga serbisyo o paggamot na ibinigay namin sa inyo.

IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN PARA SA MGA KARAPATAN NA KINASASANGKUTAN NG PHI

Mangyaring makipag-ugnayan sa Release of Information Unit para sa 1) mga kahilingan para siyasatin o kopyahin ang mga medikal na talaan; 2) mga kahilingan para baguhin ang inyong medikal na talaan; 3) kahilingan para sa isang accounting of disclosures; 4) mga kahilingan para paghigpitan ang paglalabas ng impormasyon.

Santa Clara Valley Medical Center
ATT: Release of Information Unit
Medical Record Services
751 South Bascom Avenue
San Jose, CA 95128

Right to Review

Mangyaring makipag-ugnayan sa Privacy Office ng Departamento ng SCVHHS kung saan ninyo natatanggap ang mga serbisyo sa inyo sa mga sumusunod na address para sa 1) kahilingan para sa isang pagrerepaso ng pagtanggap sa hiniling ninyong PHI; 2) mga kahilingan para sa papel na kopya ng Paunawang ito; 3) mga kahilingan para sa kompidensyal na komunikasyon.

Santa Clara Valley Medical Center
ATT: Privacy Coordinator
Medical Record Services
751 S. Bascom Avenue
San Jose, CA 95128

Privacy Officer, Drug and Alcohol Department
976 Lenzen Avenue
San Jose, CA 95126

Privacy Officer, Department of Mental Health
Mental Health Department Administration
828 S. Bascom Avenue
Suite 200
San Jose, CA 95128

Privacy Officer, Custody Health Services
Custody Bureau Administration
180 W. Hedding St.
San Jose, Ca. 95110

Privacy Officer, Public Health Department
976 Lenzen Avenue
San Jose, CA 95126